

## \*Gabay sa National Health Insurance\*

### <Ano ang National Health Insurance?>

Sa bansang Japan, upang makapagpagamot nang walang pangamba, ang bawat residente banyaga man o lokal ay obligadong kumuha ng National Health Insurance.

Ang Sistema ng National Health Insurance, sa kooperasyon ng Aichi Prefecture at Inuyama City, na sa oras ng pagkakasakit o aksidente ay makakapagpagamot kung babalikatin ng enrollee ang ilang porsiyento ng bayarin.

### <Sino ang kinakailangan na pumasok sa National Health Insurance sa mga banyagang residente?>

Ang mga banyagang naninirahan at nakarehistro ang residency sa Inuyama City (maninirahan ng mahigit 3 buwan), ang mga hindi sakop ng kondisyong nakalista sa ibaba ay obligadong mag-enroll sa sistemang ito.

- 1 Miyembro ng Social Insurance ng kumpanyang pinapasukan.
- 2 Miyembro ng Medical System for the Elderly.
- 3 Tumatanggap ng suporta mula sa Welfare System.
- 4 Natapos na ang durasyon ng visa (hindi kasama ang Special Permanent Resident (*Tokubetsu Eijuusha*) o Temporary Asylum Permitted (*Ichiji Higo Kyouka-sha*).
- 5 Ang visa ay Short Stay (*Tanki Taizai*), Diplomat (*Gaikou*) o Public Service (*Kouyou*).
- 6 Ang visa ay Special Activity (*Tokutei Katsudo*), ① o ②.
  - ① Mga pumasok sa bansa upang magpagamot at kasama nito.
  - ② Mga turista at asawa nito.
- 7 May hawak na Social Insurance Certificate ng bansang may Social Security Agreement sa bansang Japan.

※ Maging ang mga may visa ng mahigit 3 buwan, technical training, iba pang aktibidad at walang resident registration, maaari kayong mag-enroll sa health insurance kung may maipapakitang dokumento na makakapagpatunay na mas mahaba sa 3 buwan ang inyong paglagi sa bansa.

### <Ano ang proseso upang maka-enroll sa National Health Insurance?>

Isagawa ang aplikasyon sa city hall o municipal hall kung saan kayo maninirahan, sa loob ng 14 na araw pagdating sa bansa o kung nasira o naiwala ang health insurance card.

=Dokumentong kinakailangan sa proseso=

(Ordinaryo)

*Inkan* (name seal), Residence Card o passport.

- ◆ Katunayan ng pagtigil sa Social Insurance ng kumpanyang pinapasukan.  
Social Insurance (Health Insurance) Disqualification Form (*Shikaku*)

*Soushitsu Renraku-hyou)*

- ◆ Sa paglipat sa Inuyama City

Transfer Certificate (*Tenshutsu Shoumeisho*)

- ◆ Sa pagsisilang ng anak

Mother & Child Health Book (unahing isumite ang birth report- *Shusseï Todoke* sa Citizen`s Division ng inyong munisipyo).

- ◆ Sertipikasyon ng paghinto sa pagtanggap ng suporta mula sa welfare (*Hogo Haishi Kettei Tsūchi-sho*).

<*Kung mag-e-enroll sa National Insurance Health...*>

Makakatanggap ng isang (1) 「Health Insurance Card ang pumasok sa nag-enroll dito.」

Ang insurance card na ito ay katunayang kayo ay enrollee ng National Health Insurance ng bansa, kung maipapakita ito sa reception counter ng bawat pagamutang pupuntahan, ilang porsiyento lamang ang inyong babalikatin sa magiging gastusin.

<*Ang mga benepisyo na makukuha ay...*>

Sa pagkakasakit o injury, ipapakita lamang ang health card sa pagamutan o parmasya, makakapagpagamot na ang babayaran lamang ay ilang porsiyento ng naging gastusin.

Ang ilang porsiyentong natira sa bayarin ay babalikatin ng Inuyama City at Aichi Prefecture.

Subalit sa traffic accident at aksidente na nangyari sa oras ng trabaho, hindi magagamit ang National Health Insurance sa pagpapagamot!!!

◇◇◇ Tiyakin ang Pagbabayad ng

National Health Insurance Tax ◇◇◇

Upang mapaghandaan ang anumang gastusin sa pagkakasakit o aksidente, tiyakin na mababayaran ang National Health Insurance Tax sa itinakdang durasyon!!!

Ang National Health Insurance Tax ay buwis na siyang ginagamit sa gastusin sa pagpapagamot ng bawat miyembro nito.

※ Ang halaga ng insurance fee sa bawat taon ay kukuwentahin sa income o sinuweldo ng household at bilang ng miyembro nito. (Maging ang mga hindi naman nagpapagamot o ang mga walang kinikita sa bawat taon ay kinakailangan rin magbayad ng National Health Insurance Tax.)

◆◆◆ **Kung hindi magbabayad ng National Health Insurance Tax** ◆◆◆

Magkakaroon ng penalty na madadagdag sa halaga ng buwis na babayaran kung hindi agad mababayaran ang tax sa itinakdang durasyon.

May pagkakataong kayo ay bibigyan ng health insurance card na maigsi ang durasyon.

(Para sa mga katanungan)

Inuyama City Hall, Health Welfare Department, Health & Pension Division  
National Health Insurance In-charge(1<sup>st</sup> Floor, Main Bldg.)

Tel. No. : 44-0327 (direct line)

FAX : 44-0362

E-mail : 030400@city.inuyama.lg.jp